Hindi sasapit ang Huling Sandali hanggang sa magkalapitan ang panahon

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi sasapit ang Huling Sandali hanggang sa magkalapitan ang panahon para ang isang taon ay maging gaya ng isang buwan, ang isang buwan ay maging gaya ng isang linggo, ang isang linggo ay maging gaya ng isang araw, ang isang araw ay maging gaya ng isang oras, at ang isang oras ay maging gaya [ng bilis] ng pagkasunog ng dahon ng datiles."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kabilang sa mga palatandaan ng Huling Sandali ang paglapitan ng panahon. sapagkat lilipas ang isang taon gaya ng paglipas ng isang buwan; lilipas ang isang buwan gaya ng paglipas ng isang linggo; lilipas ang isang linggo gaya ng paglipas ng isang araw; lilipas ang isang araw gaya ng paglipas ng isang oras; at lilipas ang isang oras sa isang matinding bilis gaya ng pagkasunog ng palapa, na dahon ng punong datiles.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65027